Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-23 NG DISYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 184-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BAGUMBAYAN NA MAPALIPAT NA ANG PEDRO GUEVARA MEMORIAL NATIONAL HIGH SCHOOL (PGMNHS) SA NEW SAN LUIS RECREATIONAL, EDUCATIONAL, CULTURAL AND SPORTS COMPLEX (RECSC) SA BARANGAY BUBUKAL, BAYANG ITO, AYON SA KAPASIYAHAN BLG. 115-T'98 NG NATURANG SANGGUNIAN.

SAPAGKA'T, sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 115-T'98 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan ay pinagtibay ang kanilang kahilingan na mailipat ang PGMNHS sa New San Luis RECSC sa Barangay Bubukal ng bayang ito;

SAPAGKA'T, ang naturang paglilipat ay bunsod ng kanilang hangaring mapalayo ang mga mag-aaral sa mga lugar-aliwan at masasamang bisyo sa oras ng pag-aaral at tuloy upang madama ng mga mag-aaral ang kaalwanan at kaginhawahan sa pagkilos at paggalaw sa kanilang pag-aaral;

SAPAGKA'T, nakakatulong ito upang mabawasan ang pagsisikip ng trapiko na siyang nagiging hadlang sa pagpasok ng mga mangangalakal sa pamilihang bayan;

SAPAGKA'T, lubha nang masikip ang kasalukuyang kinatatayuan ng PGMNHS sa Daang P. Guevara para sa dumaraming bilang ng mga mag-aaral;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang kahilingan ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na mapalipat na ang Pedro Guevara Memorial National High School sa New San Luis Recreational, Educational, Cultural and Sports Complex sa Barangay Bubukal, bayang ito, ayon sa Kap. Blg. 115-T'98 ng naturang sanggunian.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTITIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
BY:
DATE
RIZAL, LAGUNA